Mensahe Dalawa

## Ang Ministeryo ni Hanna

Babasahin sa Kasulatan: 1 Sam. 1:1—2:11, 18-21, 26

**I. Dapat nating matanto kung ano ang pagbabawi ng Panginoon; ang pagbabawi ng Panginoon ay ang itayo ang Zion, na sumasagisag sa mga mandaraig bilang ang realidad ng Katawan ni Kristo upang pasukdulin ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem:**

A. Ang Zion ay ang lunsod ni Haring David (2 Sam. 5:7), ang sentro ng lunsod ng Herusalem, kung saan itinayo ang templo bilang ang pinananahanang lugar ng Diyos sa lupa (Aw. 48:2; 9:11; 74:2; 76:2b; 135:21; Isa. 8:18).

B. Sa Lumang Tipan ay mayroong lunsod ng Herusalem na may Zion bilang ang sentro; sa tipolohiya ang buhay-ekklesia ay ang ngayong Herusalem; sa loob ng buhay-ekklesia ay dapat magkaroon ng isang grupo ng mga mandaraig, na siyang mga napasakdal at gumulang na mga Diyos-tao, ang mga mandaraig na ito ay ang ngayong Zion—cf. Apoc. 14:1-5.

C. Bilang ang tampok at kagandahan ng banal na lunsod ng Herusalem (Aw. 48:2; 50:2), ang Zion ay sumasagisag sa mga mandaraig bilang ang mataas na rurok, ang sentro, ang pagpapataas, ang pagpapalakas, ang pagpapayaman, ang kagandahan, at ang realidad ng ekklesia (48:2, 11-12; 20:2; 53:6a; 87:2).

D. Ang mga katangian, ang buhay, ang pagpapala, at ang pagtatatag ng Herusalem ay nagmumula sa Zion—1 Hari 8:1; Aw. 51:18; 102:21; 128:5; 135:21; Isa. 41:27; Joel 3:17.

E. Ang mga mandaraig bilang Zion ay ang realidad ng Katawan ni Kristo at ang sukdulang pagtatayo ng Katawan sa mga ekklesia lokal upang ipasok ang napasukdol na banal na lunsod, ang sukdulang Kabanal-banalan bilang ang pinananahanang lugar ng Diyos sa walang hanggan (Apoc. 21:16; cf. Exo. 26:2-8; 1 Hari 6:20); sa bagong langit at bagong lupa ang buong Bagong Herusalem ay magiging Zion kasama ang lahat ng mananampalataya bilang mga mandaraig (Apoc. 21:1-3, 7, 16, 22).

F. Sa aklat ng Apocalipsis ang ninanais ng Panginoon at ang itatayo ng Panginoon ay ang Zion, ang mga mandaraig; ito ang intrinsikong realidad ng espiritwal na pahayag sa banal na salita ng Diyos; tiyak na kailangan tayong maging desperado na manalangin sa anumang halaga at magbayad ng halaga gaya ng ginawa ni apostol Pablo—Efe. 6:17-18; Col. 4:2; Fil. 3:8-14.

G. Ang ating tugon sa pagtawag ng Panginoon sa mga mandaraig sa kapanahunang ito ay upang tayo ay maging buháy na buháy; ang maging buháy na buháy ay ang maging buháy at aktibo sa kaisahan sa ating buháy at kumikilos na Diyos; ang pagkilos ng Diyos sa lupa para sa pagsasakatuparan ng Kanyang walang hanggang ekonomiya ay sukdulang sa pamamagitan ng mga mandaraig.

H. Sa kinamkam na lupang ito ay may bundok ni Jehovah, ang Bundok ng Zion, na lubusang bukas sa Panginoon at lubusang naangkin Niya; ang mga mandaraig, na sinagisag ng Zion, ay ang unang tagumpay kung saan ang Panginoon bilang Hari ng kaluwalhatian ay babalik upang angkinin ang buong lupa bilang Kanyang kaharian—Aw. 24:1-3, 7-10; Dan. 2:34-35; 7:13-14; Joel 3:11; Apoc. 11:15; 19:13-14.

I. Wala ng ibang paraan upang maabot ang mataas na rurok ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos, ang realidad ng Katawan ni Kristo, maliban sa pananalangin; ang ating pagiging mga mandaraig bilang realidad ng Katawan ni Kristo na magiging kasintahang babae ni Kristo ang magsasara ng kapanahunang ito, ang kapanahunan ng ekklesia, at pababalikin si Kristo bilang Hari ng kaluwalhatian upang kunin, angkinin, at mamuno sa ibabaw ng lupa kasama ang Kanyang mga mandaraig sa kapanahunan ng kaharian—bb. 7-9; 20:4-6; Aw. 24:7-10.

**II. Ipinakikita sa atin ng unang aklat ng Samuel sa tipolohiya ang pagdadala papasok kay Kristo bilang ang Hari (sinagisag ni David) kasama ang Kanyang kaharian:**

A. Sa ilalim ni Eli ang lumang maka-Aaron na pagkasaserdote ay naging panis at nalalaos (2:12-29), at ninais ng Diyos na magkaroon ng isang bagong panimula para sa pagsasakatuparan ng Kanyang walang hanggang ekonomiya:

1. Ang nilalaman ng mga Hukom ay binubuo ng mga anak ni Israel na nagtitiwala sa Diyos, nagtatakwil sa Diyos, nagagapi ng kanilang mga kaaway, at nagsisisi sa Diyos sa kanilang paghihikahos; nang bumaling sila sa Panginoon, nagbangon Siya ng isang hukom na nagligtas sa kanila mula sa kamay ng kanilang mga maniniil, subalit nang mamatay ang hukom, bumalik sila sa kanilang masasamang paraan at muling napasamâ (1:1-2; 2:11—3:11); ito ay naging isang paikot-ikot na umulit nang pitong beses sa mga Hukom.
2. Sa maraming taon ay inuulit lamang ng ekklesia ang kasaysayan ng Israel sa ilalim ng mga hukom, subalit ngayon ay ninanais ng Diyos ang mga Samuel, mga nananaig na Nazareo (Bil. 6:1-9 at talababa), na magpapasok kay Kristo, ang tunay na David, bilang ang namumunong Hari kasama ang Kanyang kaharian sa sanlibong taon, kung saan ang mga mandaraig ay "magliliwanag katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama" (Mat. 13:43).
3. Kailangan natin ngayong tumingin sa Panginoon para sa isang bagong bagay, isang bagong pagpapanauli na magbabaling ng kapanahunang ito mula sa kapanahunan ng ekklesia sa gitna ng makasatanas na kaguluhan tungo sa kapanahunan ng Hari kasama ang Kanyang kaharian ng sanlibong taon.

B. Para sa kapanganakan ni Samuel pinasimulan ng Diyos ang mga bagay sa likod ng mga eksena; sa isang panig, Kanyang isinara ang sinapupunan ni Hanna; sa kabilang panig, Kanyang inihanda si Penina na pukawin si Hanna "nang may kapaitan upang inisin siya, sapagkat isinara ni Jehovah ang kanyang sinapupunan" (1 Sam. 1:5-6); taon-taon, kapag umaahon si Hanna patungo sa bahay ni Jehovah, pinukaw siya ni Penina hanggang sa siya ay manangis at hindi kumain (b. 7).

C. Ito ang nagpilit kay Hanna na manalangin na bigyan siya ng Panginoon ng isang anak na lalaki; ang panalangin ni Hanna, kung saan ay namanata siya sa Diyos, ay pinasimulan hindi ni Hanna kundi ng Diyos; ang Diyos ay nalugod sa panalangin ni Hanna at sa kanyang pangako, at Kanyang binuksan ang sinapupunan niya (bb. 10-11, 20); si Hanna ay naglihi, nagsilang ng isang anak, at pinangalanan siyang Samuel (nanganaghulugang "dininig ng Diyos," o "hiniling sa Diyos").

D. Napakilos ng Diyos si Hanna bilang isang tao na kaisa Niya sa linya ng buhay; ang linya ng buhay ay isang linya na nagbubunga ng Kristo para sa pagtatamasa ng bayan ng Diyos upang sa lupa ay magkaroon ang Diyos ng Kanyang kaharian, na siyang ekklesia bilang Katawan ni Kristo (Mat. 16:18-19; Roma 14:17-18; Efe. 1:22-23), ang mismong

organismo ng Tres-unong Diyos; hangga't makatatamo ang Diyos ng gayong tao na kaisa Niya sa linya ng buhay, Siya ay may daan sa lupa (1 Sam. 1:1—2:11, 18-21, 26).

E. Sa katunayan, walang tao ang pinagmulan ni Samuel; ang Diyos ang tunay na pinagmulan, na nagpakilos sa Kanyang bayan nang soberano at lihim; ang panalangin ni Hanna ay isang alingawngaw, isang pagsasalita, ng kanaisan ng puso ng Diyos; ito ay isang pantaong pakikipagtulungan na may dibinong pagkilos para sa pagsasagawa ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos:
   1. Ang panalangin ni Hanna ay nagpapahiwatig na ang pagkilos ng Diyos kalakip ang Kanyang sagot sa kanyang panalangin ay ang ibunga ang isang Nazareo, isang mandaraig, na lubusang para sa pagtupad ng kanaisan ng Diyos—bb. 10-20.
   2. Ang isang Nazareo ay isa na lubusang inialay sa Diyos, isa na kinukuha ang Diyos bilang kanyang Hari, Panginoon, Ulo, at Asawang Lalaki, at isa na walang interes sa pagtatamasa ng makasanlibutang kaaliwan; maging bago siya isinilang, si Samuel ay isa na inialay ng kanyang ina upang maging gayong tao.

**III. Ang unang aklat ng Samuel ay kumakatawan sa isang ministeryo na nagpapasok sa Hari kasama ang Kanyang kaharian; matatawag natin ito na "ministeryo ni Hanna":**

A. Sina Penina at Hanna ay kumakatawan sa dalawang pangunahing magkaibang prinsipyo at dalawang pundamental na magkaibang minsiteryo (1:2, 4, 7); ang ministeryo ni Hanna ay ang ipasok ang Hari, hindi ang magkaroon ng maraming anak; ang ministeryo ni Penina ay ang magkaroon ng maraming anak, yaon ay, isang ministeryo na may maraming resulta; si Penina at ang kanyang mga anak ay kumakatawan sa karamihan sa bayan ng Diyos, subalit wala sa kanila ang may kinalaman sa pagbabaling ng kapanahunan upang pabalikin si Kristo bilang ang Hari ng kaluwalhatian (Awit 24:1-3, 7-10).

B. Ang paraan ni Hanna ay hindi isang madaling paraan, at ito ay mas pinahirap dahil sa mga paghahambing at panunuya ni Penina; yaong mga nagnanais na maging mga Hanna ay dapat ihanda ang kanilang sarili sa pag-uusig, pangungutya, pananangis, at pag-aayuno.

C. Hindi lamang ito isang bagay ng kung gaano karami ang maliligtas natin kundi isang bagay ng pagkamit ng Diyos ng grupo ng mga mandaraig; ninanais ng Diyos na matamo ang isang bayan na makapananalangin at makapagpapasok ng kaharian kalakip si Kristo bilang Hari at ang Kanyang mga mandaraig bilang mga kasamang hari.

D. Ang panalangin ni Hanna ay ang kaparaanan para sa kapanganakan ni Samuel; ang ating mga panalangin ay dapat magresulta sa pagbubunga ng mga mandaraig; kailangan tayong manalangin sa kaisahan kasama ang umakyat sa langit na Kristo sa Kanyang makalangit na ministeryo sa yugto ng pagpapatindi para sa pagbubunga ng mga mandaraig—Apoc. 1:4; 3:1; 4:5; 5:6; 2:7, 11, 17, 26-29; 3:5-6, 12-13, 21-22.

E. Dumating sa punto si Hanna na hindi na siya makapagpatuloy nang walang anak na lalaki; dumating siya sa punto kung saan ay kailangan niyang magkaroon ng anak na lalaki; ang anak na lalaki sa 1 Samuel 1 ay sumasagisag sa nananaig, sama-samang lalaking-anak sa Apocalipsis 12, ang isa na nagbabaling ng kapanahunan upang ipasok ang Hari kasama ang Kanyang kaharian:
   1. Ang pinakamahalagang pampanahunang pagkilos ng Diyos ay makikita sa lalaking-anak sa Apocalipsis 12 na binubuo ni Kristo bilang nangungunang

Mandaraig at tayo bilang mga sumusunod na mandaraig; sapagkat ninanais ng Diyos na tapusin ang kapanahunang ito at ipasok ang kapanahunan ng Hari kasama ang Kanyang kaharian, kailangan Niya ang nananaig, sama-samang lalaking-anak bilang Kanyang pampanahunang instrumento.

2. Ang raptyur ng lalaking-anak ang magwawakas sa kapanahunan ng ekklesia at magpapasok ng kapanahunan ng kaharian; pagkatapos ng raptyur na ito ay may isang "malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayon ay dumating na ang kaligtasan at ang kapangyarihan at ang kaharian ng ating Diyos at ang awtoridad ng Kanyang Kristo"—b. 10.

**IV. Ipinakikita ng karanasan ni Hanna na kailangan nating ibuhos ang ating kaluluwa sa harap ng Panginoon sa gitna ng ating kapaitan (1 Sam. 1:6, 10, 15-16); sa Exodo 15 ang mga anak ni Israel ay dumating sa mapait na tubig ng Marah; nang magbulong-bulong ang bayan laban kay Moses, siya ay "dumaing kay Jehovah, at ipinakita ni Jehovah sa kanya ang isang puno; at kanyang inihagis ito sa tubig, at ang tubig ay naging matamis" (bb. 22-25):**

A. Ang puno na ipinakita ng Panginoon kay Moses ay sumasagisag sa puno ng buhay; nagsasalita ang Apocalipsis 2:7 tungkol sa "puno ng buhay"; sa Griyego, ang salita para sa *puno* rito ay parehong salita na ginamit para sa *puno* sa 1 Pedro 2:24:

1. Ang puno ng buhay sa Apocalipsis 2:7 ay sumasagisag sa napako (ipinahiwatig sa puno bilang isang piraso ng kahoy—1 Ped. 2:24) at nabuhay na muli (ipinahiwatig sa buhay ng Diyos—Juan 11:25) na Kristo; kaya, masasabi natin na ang puno na inihagis ni Moses sa mapait na tubig ay ang napako at nabuhay na muling Kristo bilang ang puno ng buhay.

2. Kapag tayo ay dumaing sa Panginoon sa panalangin, ipinakikita Niya ang isang pangitain ng napako at nabuhay na muling Kristo bilang ang puno ng buhay; sa pamamagitan ng ating panalangin sa pagbubuhos ng ating kaluluwa sa harap ng Panginoon, ating inihahagis ang punong ito sa mapait na tubig ng ating katauhan; pagkatapos ang mapait na tubig na ito ay nagiging matamis na tubig ng Kanyang presensya.

B. Ang panalangin ni Hanna ay nagmula sa kanyang mapait na kalagayan at sa kanyang mapait na katauhan (1 Sam. 1:6, 10); sinabi niya kay Eli, "<u>A</u>ko ay isang babaeng siniil sa espiritu…<u>ibinubuhos ko ang aking kaluluwa sa harap ni Jehovah</u>…Sa kasaganaan ng aking pagkabalisa at pagkaduwahagi ay nagsasalita ako hanggang ngayon" (bb. 15-16); sinasabi ng Awit 62:8, "Magtiwala sa Kanya sa lahat ng panahon, <u>O bayan; / Ibuhos ang inyong puso sa harap Niya;</u> / ang Diyos ay isang kanlungan sa atin. Selah"; ang gayong panalangin upang kaugnayin ang Diyos ay binubuo ng mga salita na sinalita nang tapat mula sa puso.

C. Sa tuwing tayo ay nasa mapait na kalagayan at mapait sa ating katauhan, kailangan nating ibuhos ang ating kaluluwa kalakip ang ating puso sa Panginoon sa pamamagitan ng pagiging tunay at tapat sa Kanya; ang gayong panalangin ay nagbubunga ng mga mandaraig, na magpapasok sa Hari kasama ang kaharian.

D. Kapag humahantong tayo sa "mapait na tubig," kailangan nating matanto na ang Diyos ay soberano at lihim na pinakikilos tayo na manalangin sa isang desperadong paraan hindi lamang para sa ating panloob na kagalingan (Exo. 15:26) bagkus higit pa para sa pagbubunga ng mga mandaraig na Nazareo, na makikipagtulungan sa Kanya upang

ipasok ang Hari kasama ang Kanyang kaharian—kapag ang pangalan ng Diyos ay maging ekselente sa buong lupa (Aw. 8:1), at ang kaharian ng sanlibutan ay “magiging ang kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailanman” (Apoc. 11:15).

*© 2021 Living Stream Ministry*